[Organisasyon | Petsa]

Tagalog | Tagalog

# Protection visa

Briefing deck



Baguhin ang usapan tungkol sa mga **Protection visa**

Australian Government





# Panimula

**Ang Protection visa (subclass 866) ay para sa mga tunay na asylum seeker na humaharap sa tunay na panganib ng malubhang kapahamakan o pag-uusig sa kanilang bansang pinagmulan.**

Ang Gobyerno ng Australya ay naglunsad ng isang kampanya upang turuan ang mga tao tungkol sa mga Protection visa at mga kahihinatnan ng pagtatangkang pagsamantalahan ang programa.

Mayroong dumaraming maling impormasyon hinggil sa mga Protection visa na kumakalat sa mga komunidad, kabilang sa mga taong taga Timog-Silangang Asya na nakatira sa Australya at ibayong dagat.

Ang maling impormasyon ay maaaring magkaroon ng seryosong kahihinatnan para sa mga aplikante ng mga Protection visa at kanilang mga pamilya.

Nilalayon ng kampanya na magbigay ng impormasyon at mga kagamitang kailangan para mapigil ang pagkalat ng maling impormasyon at masigurong makuha ng mga komunidad ang payong kailangan nila.

Para makontra ang maling impormasyon, ang Department of Home Affairs ay nagbibigay ng libreng ligal na payo mula sa mga espesyalista sa refugee at immigration legal provider sa sinumang mag-aaplay para sa isang Protection visa.

Ang payong ito ay tutulong sa mga taong malaman kung sila ay kwalipikado sa Protection visa, at mabawasan ang panganib na gumamit ng hindi rehistradong migration agent na maaaring magbigay ng maling payo.

# Maling impormasyon hinggil sa mga Protection visa

**Ang mga Protection visa ay para sa tunay na mga taong naghahanap ng asilo (asylum seekers) o miyembro ng kanilang pamilya na humaharap sa tunay na panganib ng malubhang kapahamakan o pag-uusig sa kanilang bansang pinagmulan o may pinagbabatayang takot mula sa pag-uusig batay sa lahi, relihiyon, nasyonalidad, pagiging kasapi ng isang partikular na grupong panlipunan o pulitikal na opinion.**

Ang Protection visa ay hindi para sa mga taong nais lamang manatili nang mas matagal sa Australya para magtrabaho.

Ang mga hindi rehistradong migration adviser na nagtataguyod ng kanilang mga serbisyo sa social media at sa online na mga chat group ay nagsasabi sa mga taong gamitin ang Protection visa bilang paraan para makapagtrabaho o pahabain ang kanilang pananatili sa Australya.

Maaaring sabihin nila sa mga aplikante na magbigay ng mali o nakaliligaw na impormasyon at palsipikadong dokumento kapag nag-aaplay para sa Protection visa. Ang ilan ay sumisingil ng libu-libong mga dolyar para dito sa maling payo.

Sa Australya, labag sa batas na ang isang tao ay maningil para sa payong pang-imigrasyon maliban kung sila ay isang rehistradong migration agent o Australian legal practitioner.

Mayroong mga employer ang nag-aalok ng oportunidad ng trabaho sa Australya sa pamamagitan ng pagsabi sa mga temporary visa holder na mag-aplay para sa isang Protection visa gamit ang mga palsipikado at nakaliligaw na impormasyon.

Sinasabihan ang mga estudyante na makapananatili sila nang mas matagal sa Australya at makapagtatrabaho sa pamamagitan ng pag-aplay para sa isang Protection visa nang gamit ang palsipikado o nakaliligaw na impormasyon.





# Mga panganib ng maling impormasyon

**Malaking pagbabago ang ginawa sa sistemang Protection visa upang mapabilis ang mga oras ng pagproseso. Ibig sabihin nito ay yung mga nag-aplay para sa Protection visa para lang magtrabaho o mapahaba ang pananatili sa Australya ay madaling tatanggihan.**

Ang karamihan sa mga bagong aplikasyon ngayon ay tinatapos nang halos 8 beses na mas mabilis kumpara sa mga nakaraang taon. Ang mga taong nagsusumite ng aplikasyon para sa Protection visa nang may palsipikado o nakakaligaw na impormasyon ay haharap sa seryosong kahihinatnan,  kabilang na ang malaking multa at posibleng pagkakulong.

Ang tinanggihang aplikasyon sa Protection visa ay mananatili sa  immigration record ng isang tao. Ang ibig sabihin nito ay magiging mahirap para sa aplikante at kanilang pamilya na bumalik sa Australya, kahit sa visitor, student o temporary work visa.

Maaari din itong maka-apekto sa mga aplikasyon ng visa sa ibang bansa sa hinaharap, depende sa tipo ng visa na inaaplayan.

Ang mga aplikanteng tinanggihan ang kanilang Protection visa ay hindi makapag-aaplay para sa kalakhan ng ibang mga visa at kailangang umalis sa Australya. Kung wala silang balidong visa maaari silang idetine o i-alis ng Australian Border Force. Maaaring hilingin silang bayaran ang halaga ng kanilang pagpapaalis, na maaaring libu-libong dolyar.

Sa taong ito, nagsimula ang Australian Border Force ng bagong operasyon na magpokus sa pagdetine ng mga tinanggihang aplikante para sa Protection visa na ang mga temporary visa ay napasó na, at tatanggalin sila sa Australya. Patuloy ang operasyong ito.

# Paano kang makatutulong

**Mas marami ang mga aplikasyon para sa Protection visa na hindi nagtatagumpay kumpara sa mga nagtatagumpay, at ang mga aplikante mula sa Vietnam ang isa sa may pinakamataas na bilang ng pagtanggi.**

Ang mga aplikasyon para sa Protection visa mula sa mga mamamayan ng ilang bansa sa Timog-Silangang Asya ay may ilan sa pinakamataas na bilang ng pagtanggi. Para sa karamihan ng mga bansang ito, higit sa 95% ng mga aplikasyon na natapos noong 2023-24 ay hindi nakapasa sa mga kinakailangan at tinanggihan.

Ang mga komunidad at organisasyon sa Australya ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagpigil sa pagkalat ng maling impormasyon sa mga nag-iisip na mag-aplay para sa isang Protection visa.

Kabilang dito ang pagpapalaganap ng kamalayan tungkol sa mga panganib ng pagsusumite ng mali o nakaliligaw na impormasyon sa isang aplikasyon para sa Protection visa, at ang paggamit ng isang hindi rehistradong tagapayo sa migrasyon.

Sabihan ang mga potensyal na aplikante na ang mga Protection visa ay para sa tunay na mga asylum seeker – hindi iyan para sa mga taong nais lamang manatili nang matagal sa Australya para magtrabaho.

Kung may isang tao na nag-aaplay para sa isang Protection visa at hinihingi sa iyo na magsulat ng sulat ng suporta para sa kanila, dapat mo lang itong gawin kung naniniwala kang sila ay tunay na asylum seeker na humaharap sa tunay na panganib ng malubhang kapahamakan o may tunay na posibilidad ng pag-uusig kung sila ay babalik sa kanilang bansa.

Hikayatin silang kumuha ng libreng legal na payo mula sa isang espesyalistang tagapayo sa batas ng mga refugee at imigrasyon sa kanilang estado o teritoryo.

# Paano kang makatutulong

**Maraming taong nag-iisip tungkol sa pag-aplay para sa Protection visa ay walang malay o hindi naiintindihan na posibleng may mga kahihinatnan kung pupunta sila sa bansang sila ay humihingi ng proteksyon ng Australya.**

Alamin na naiintindihan ng mga posibleng aplikante ng Protection visa na:

- Kung magsasampa sila ng aplikasyon para sa Protection visa , maaaring hindi sila makapaglakbay sa bansang hinihilingan nila ng proteksyon kahit na naroon ang kanilang pamilya.

- Kung ikaw ay mabigyan ng Protection visa, hindi ka maaaring maglakbay sa bansang iyong pinaghingan ng asilo nang walang pahintulot mula sa Pamahalaan ng Australya, kahit na ang iyong pamilya ay naninirahan doon.

Hikayatin ang sinumang nag-iisip na mag-aplay para sa isang Protection visa na kumuha ng libreng ligal na payo mula sa mga espesyalistang tagapayo sa batas ng mga refugee at imigrasyon sa kanilang estado o teritoryo.

Ang payong ito ay makatutulong sa mga posibleng aplikante na na malaman kung sila ay kwalipikado para sa Protection visa,  maipaliwanag ang proseso ng aplikasyon at maintindihan ang mga negatibong kahihinatnan kung ang kanilang Protection visa ay tanggihan.

# Paanong matutulungan ng Gobyerno ng Australya ang iyong komunidad

**Amin kayong hinihikayat na ibahagi ang mga sumusunod na mensahe sa sinumang nag-iisip na mag-aplay para sa Protection visa:**

1. Bisitahin ang opisyal na Australian Government website upang alamin ang higit pang impormasyon.

2. Kumuha ng free legal advice mula sa mga espesyalistang refugee at immigration legal provider sa iyong estado o teritoryo.

3. Hanapin ang isang rehistradong migration agent sa pamamagitan ng pag-check sa Office of Migration Agents Registration Authority.

4. Protektahan ang iyong sarili at komunidad. I-report nang hindi nagpapakilala ang mga iligal na migration adviser sa Australia's Border Watch.

5. Alamin kung ang mga alternative visa options ay maaaring mas angkop sa iyo.

Ang Department of Home Affairs ay nagpagawa ng mga poster, fact sheet, social media tiles at ibang materyales na magagamit mo upang makatulong ka sa pagbibigay ng kaalaman sa iyong komunidad tungkol sa mga Protection visa.

Maaari mo itong makuha sa.



# Payo kung paanong tutugon sa mga negatibong komentaryo sa social media

**Maraming mga maling impormasyon tungkol sa mga Protection visa ang ibinibigay sa mga taong naninirahan sa Australya at ibayong dagat sa mga social media platform at mga grupo.**

Kung mayroon kang makitang maling impormasyon tungkol sa mga Protection visa na ibinabahagi sa online o mga grupo, mayroon kang importanteng oportunidad na tukuyin ito bilang maling impormasyon at itaguyod ang mga tamang impormasyong ibinahagi sa dokumentong ito, kabilang ang opisyal na link– homeaffairs.gov.au/protection

Protektahan ang iyong sarili at komunidad sa pamamagitan ng pagkalat ng kaalaman hinggil sa mga panganib na idudulot kung ang isang tao ay magsumite ng mali at nakaliligaw na impormasyon sa isang aplikasyon para sa Protection visa o gagamit ng hindi rehistradong migration adviser.

Higit sa lahat, hikayatin ang mga posibleng aplikante na humingi ng free legal advice bilang unang hakbang.

# Maraming **salamat**

sa pagsali

